

PANTULONG SA PAGPLANO NG PAGSAMBÁ

23 ng Disyembre

2017-12-23

Leksyonaryo Bilang 199

MAAARING AWIT SA PAGTITIPON

Purihi't Pasalamatan | Simplicio Esteban at E. Hontiveros SJ
Halina't Umawit | Flores, Villaroman
Panginoón ay Darating, Ang

PANGINOÓN, KAAWAÁN MO KAMÍ.

LITÚRHIYA NG SALITÁ

UNANG PAGBASA.....Propeta Malakias 3:1-4, 23-24

Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Malakias

Narito ang pahayag ng Makapangyarihang Panginoon,
“Ipadadala ko ang aking sugo
upang ihanda ang daraanan ko.
At ang Panginoon na inyong hinahanap
ay biglang darating sa kanyang templo.
Darating ang pinakahihintay ninyong sugo
at ipahahayag ang aking tipan.
Ngunit sino ang makatatagal pagdating ng araw na iyon?
Sino ang makahaharap pag siya’y napakita na?
Siya’y parang apoy na nagpapadalisay sa bakal
at parang matapang na sabon.
Darating siya para humatol
at dadalisayin niya ang mga saserdote,
tulad ng pagdalisay sa pilak at ginto.
Sa gayon,
magiging karapatdapat silang maghandog sa Panginoon,
at ang mga handog na dadalhin ng mga taga-Juda at Jerusalem
ay magiging kalugud-lugod sa kanya,
tulad ng dati.
Ngunit bago dumating ang nakahihindik na araw ng
Panginoon,
isusugo ko sa inyo si Propeta Elias.
Muling magkakalapit ang loob ng mga ama’t mga anak.
Kung hindi’y
mapipilitan akong pumariyan at wasakin ang inyong bayan

TUGÓN SA SALMO

Salmo 24

Vic Romero

I - ta - as n'yo ang pa - ni -

ngin, ka - lig - ta - sa'y du - ma - ra - ting.

Ang salin sa Tagalog ng Tugón sa Salmo mulâ sa *Ang Pagpapahayâg ng Salitâ ng Diyos*
 © 2006 Panayám ng mga Katólikong Obispo sa Pilipinas,
 Lupon Rehiyonál ukol sa Tagalog sa Litúrhíyâ.
 Tugtugin © 2010-2015 Vic Eclar Romero. magsimba.com. All rights reserved.

SALMO: Awit 025:4-5ab, 8-9, 10+14

Ang kalooban mo'y ituro, O Diyos,
 ituro mo sana sa aba mong lingkod;
 ayon sa matuwid, ako ay turuan,
 ituro mo, Poon, ang katotohanan.

Mabuti ang Poon at makatarungan,
 sa mga salari'y guro at patnubay;
 sa mababang-loob siya yaong gabay,
 at nagtuturo ng kanyang kalooban.

Tapat ang pag-ibig,
 siya'ng umaakay sa tumatalima sa utos at tipan.
 Sa tumatalima, siya'y kaibigan,
 at tagapagturo ng banal na tipan.

O Hari

DISYEMBRE 22

VIC ROMERO

Andante (♩ = c. 88)

C G/B Am D C G

Al-le-lu-ia, Al - le-lu - ia, Al - le - lu - ia!

Detailed description: This system shows the first line of music. The treble clef staff contains the melody with lyrics underneath. The bass clef staff contains the accompaniment. Chords are indicated above the treble staff: C, G/B, Am, D, C, G. The tempo is marked 'Andante' with a quarter note equal to approximately 88 beats per minute.

Em Am D Em G Am

O Ha - ri't ba-tong pa-nu-lu-kan, sa-li-gan nang sam-ba-ya-

Detailed description: This system shows the second line of music. The treble clef staff contains the melody with lyrics underneath. The bass clef staff contains the accompaniment. Chords are indicated above the treble staff: Em, Am, D, Em, G, Am. A second ending bracket is shown above the treble staff.

Em Am Em Am Em

nan, ha - li - na't ka - mi ay i - da-ngal.

Detailed description: This system shows the third line of music. The treble clef staff contains the melody with lyrics underneath. The bass clef staff contains the accompaniment. Chords are indicated above the treble staff: Em, Am, Em, Am, Em. A third ending bracket is shown above the treble staff.

Ulitin ang Alleluia.

Tugtugin © 2013-2016 Vic Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com

MABUTING BALITA.....Mabuting Balita ayon kay San Lucas 1:57-66

Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

Dumating ang oras ng panganganak ni Elisabet,
at nagluwal siya ng isang sanggol na lalaki.

Nabalitaan ng kanyang mga kapitbahay at mga kamag-anak
na siya'y pinagpala ng Panginoon,
at nakigalak sila sa kanya.

Nang ikawalong araw,
dumalo sila sa pagtutuli ng sanggol.

Zacarias sana ang ipangangalan sa kanya
– gaya ng kanyang ama – ngunit sinabi ng kanyang ina,
“Hindi!

Juan ang ipangangalan sa kanya.”

“Subalit wala isa man sa iyong mga kamaganak ang may
ganyang pangalan,”
wika nila.

Kaya't hinudyatan nila ang kanyang ama
at itinanong kung ano ang ibig niyang itawag sa sanggol.

Humingi siya ng masusulatan at sumulat ng ganito:
"Juan ang kanyang pangalan."
At namangha silang lahat.

Pagdaka'y nakapagsalita siya at nagpuri sa Diyos.
Natakot ang lahat ng kanilang kapitbahay,
anupat naging usap-usapan sa buong kaburulan ng Judea ang
mga bagay na ito.

Pinakaisip-isip ito ng lahat ng nakaalam at ang kanilang
tanong:
"Magiging ano nga kaya ang batang ito?"
Sapagkat maliwanag na sumasakanya ang Panginoon.

HOMILYA

PAGPAPAHAYÁG NG PANANÁMPALATAYÀ

PANALANGIN NG BAYAN

- . . a. Para sa Simbahan, ang Bayan ng Diyós
- . . b. Para sa mga Kinaúukulan
- . . c. Para sa Nangángailangan, Naghihirap, Maysakit at Yumao
- . . d. Para sa mga Dumaló sa Misa Dito at Ngayón

LITÚRHIYÁ NG EUKARISTIYA

MAAARING AWIT SA PAG-AALAY

Halina, O Emanuel
Halina, Hesús | Rene Javellana SJ at E. Hontiveros SJ
Halina, Hesús, Aming Mananakóp | Danny Isidro SJ at Nemy Que SJ

SANTO, SANTO, SANTO

PAGBUBUNYÍNG PANG-ALAALA

DAKILANG AMEN

PANALANGIN NG PANGINOÓN

KORDERO NG DIYÓS

MAAARING AWIT SA PAKIKINABANG

Sa Amang Mahal Sumilang (Of the Father's Love Begotten)
Halina, D'yos Mesias (O Come, Divine Messiah)

MAAARING AWIT SA PAGHAYÒ

Purihi't Pasalamatán | Simplicio Esteban at E. Hontiveros SJ
Halina, Hesús | Rene Javellana SJ at E. Hontiveros SJ

Sa mga sulat-tugtugin, ang « ng » ay isinusulat na « nang » at ang « mga » ay « manga ».
Palitán ang « Yahweh » ng « Poón »; ang « si Yahweh » ng « ang Poón ».

r

Nagpapasalamat sa mga mungkahing awitin
sa Lupon ukol sa Litúrhiya sa Tagalog.

23 ng Disyembre | 2017-12-23 | Leksyonaryo 199 | Gulóng 2
Halaw ang mga Pagbasa sa Magandang Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society.
www.bible.org.ph
Litúrhiya. Filipino. www.magsimba.com